# TAGALOG SECTION

# TAGUMPAY ANG UNANG TAON!

**PANGKASALUKUYAN**

## Unang Taón ng Republika

Sa dî kawasa, at sa ibabaw ng kahirapan ng buhay at kabigatan ng panahon ay maluwalhating sumapit ang unang kaarawan ng pagkakatayo ng Republika ng Pilipinas. Lahat ng pilipinong may wagas na pag-ibig sa tinubuang lupa ay dapat magalak sa ganitong pangyayari palibhasa'y maliwanag na nadadama ngayon ang hudyat ng katuparan ng isang pangarap na napakalaong nilunggatî. Sabihin na ang ibig sabihin, ang pagsasarilí ng Pilipinas, na nagíng sanhi ng pamumuhunan ng dugo at buhay ng ating mga bayani, ay siyang pinanabikan natin sa mula't mula pa, at ang pagsasarilíng iyan, saan man nanggaling o sinuman ang maybigay ay dapat ikaligaya. Kung masidhíng pag-aaralan ang kasaysayan ng ating mga pakikibaka't pakikitunggalî ay maliwanag na mababatíd na para sa mga pilipino'y walang mahalaga kundî ang paglasap ng isang buhay na nagsasarili.

Sa kung ilan nang pagkakataon ay nasabi ng Kanyang Kadakilaan, ang Pangulong Laurel, na may ilang kababayan, kundî man napakarami, na lubhang nag-aalinlangan sa kawagasan ng ating pagsasarilí; anila'y dî ito tunay at di-lubhang ganap, pang-akit at pandaya lamang, di-umano. Kamí'y kasang-ayon ng marilag na Pangulo sa pagpapayo na kung mayroong mga ilang nag-aalinlangan, ang dapat pakasikapin ng lahat at bawa't isa ay magtulung-tulong at magyakap-yakap upang [illegible] papaghahariin ang pag-aalinlangan, saan man ay di tayo makararatíng. Wala tayong mapapalà sa pagtutu[illegible].

Isa sa mga bagay na dapat nating alagatain, sa harap ng kasalukuyang mga pangyayari, ay di tayo ang may-hawak ng susi ng kaluwalhatian. Nakíkibagay tayo sa panahon at pinaninimbangan natin ang takbó ng digmaang lumíligalig sa sandaigdíg. Huwag tayong mag-unuran. Ang kailangan natin ngayon ay sumunod sa ipinapayo ng mga patnugot ng ating bansa. Para sa kanila, ang pinakamahalaga ngayon sa mga pilipino ay makaligtas sa malupít na kuko ng digmaan, makatawíd sa daluyong ng mga paghihirap, upang, sa panunumbalik ng kaliwanagan ng panahon, ay manatiling ligtas at buhay ang ating pagka-Bansa at ang ating pagka-Lahì.

Oo't tunay na ang panahon ay napakabigat para sa buhay ng lahat at bawa't isa sa atin. Nguni't ang Diyos ay dî natutulog. Kung tayo'y matututong mag-íngat, tayo'y Kanyang pag-iingatan. Ang liwanag ng pag-iisip at hinahon ng kalooban ay siya nating pagharíin sa bawa't sandali. Mamayapa tayo at sikaping matawíd na maluwalhatì ang malawak na dagat ng patung-pating na mga suliranín.

Ngayong matagumpay na naitaguyod ang unang taon ng ating nakatatag na Republika, manalig tayo at maghintay. At kamí'y umaasa na kung tayoy magpapakatalino, ang ikalawang taóng ngayó'y pumapasok sa buhay ng ating pagsasarilí ay sasapitin ng lalò pang maluwalhatì at lalò pang mabulaklak para sa kasarinlan ng ating bansa.

Kahimanawari, ang unang taong natawíd ng ating nakatatag na Republika, ay magíng hudyat ng isang kaligayahang hindî matatapos sa hinaharap ng panahon.

### BAGONG KONSUL SA MAYNILÀ

Bilang kahilili ni Suekiti Sionoya ay hinirang na magíng konsul heneral ng Hapon sa Maynila si Masaki Yodokawa. Ang bagong konsul Yodokawa ay naglingkod sa Brasil, Peru, Tsile at Espanya at hanggang noong bago sumiklab ang digmaan ay siyang konsul heneral ng Hapon sa Timor.

## ANG AMING BATI AT PAMIMITAGAN

Sa pagsilang sa maliwanag ng unang bilang naming ito, bago ang lahat, ay nagúukol kamí ng maligayang bati at lubos na pamimitagan sa mga may-kapangyarihang umuugit sa daong ng bansa, lalung-lalò na sa Kataas-taasang Pamunuan ng Pamahalaang Imperyal ng Hapon sa Pilipinas na siyang kumakatawan sa kanya sa lupaíng itó. Sa kanila ay nagpupugay kamí at gumagalang.

Ang aming tulong at pagkatig ay buong pagkukusang inihahandog at ang aming magagawa sa lahat ng abot ng aming kaya ay ipinangangakong gagawín, alang-alang sa ikapagtatagumpay ng isang matalino at mabuting pagkakaunawaan.

Kamí'y katig sa Pamahalaang nakatatag, nguni't kamí'y magiging bibíg ng sambayanang nagpapakasakit sa kasalukuyang bigat ng panahon upang mapangalagaan, dî lamang ang kanilang mga kapakanan, kundî lalu't higít ang kaniláng mga kaapihán.

Alang-alang sa ikapapanuto ng lakad ng mga bagay-bagay ay ipalíliwanag namin sa taumbayan ang lahat ng balak at layunín ng Pamahalaan at pararatingín naman sa mga nagsisihawak ng ugit ng bansa ang lahat ng daíng ng taumbayang nasa dakong ibaba. Anupa't tutupad kamí sa tungkuling tagapamagitan. Alam namin na ang dî pagkakaunawaan ay siyang madalas na pinagmumulan ng mga ligamgam at ligalig, kaya, upang maiwasan ito, iuukol namin ang aming mga pitak para sa bagay na iyan.

Bumabatì nga kamí at napupugay sa lahat.

## Palátuntunan Ng Mga Parangál

*Biyernes, Oktubre 13, 1944*

*7:30 n. g.*—Palatuntunan sa Radyo sa pamamagitan ng himpilang PIAM na ang pinaka-pangunahí'y isang talumpati ng Kgg. Arsenio N. Luz, Pangulo ng Lupon sa Pagbabalita.

*Sabado, Oktubre 14, 1944*

*Sa harap ng City Hall*

*7:30 n. u.*—Misang Pambayan.

*Sa Gusalì ng Batasang Pambansa*

*8:30 n. u.*—Pagtitipun-tipon sa harapan ng Gusalì ng Batasang Pambansa.

Ang pasukán sa gawing likuran ng Gusalì ng Batasang Pambansa ay tanging iuukol sa mga pinuno at mga panauhíng pinaanyayahan [illegible]

*[illegible] n. u.*—Ang Patnubay ng Batasang Pambansa, ang Punong Hukom ng Mataas na Hukuman, ang mga Kagawad ng Gabinete, ang Pangulo ng Sangguniang Bansa at ang Gobernador Militar ng Maynila ay magtitipun-tipon sa tanggapan ng Patnubay na magdaraan sa pasukan sa gawing likuran.

*9:05 n. u.*—Ang mga Kagawad ng Kapulungang Pambansa, ang mga iba pang pinuno at gayundin ang mga pinaanyayahan ay magsisiluklok sa kaní-kanilang upuan sa tribuna.

*9:10 n. u.*—Ang Kanyang Kamahalan, ang Sugong Mayganap na Kapangyarihan ng Hapon, ang Kanyang Kamahalan, ang Kataas-taasang Punò ng Hukbong Imperyal ng Hapon sa Pilipinas, ang Kanyang Kamahalan, ang Kataas-taasang Punò ng Hukbongdagat ng Hapon sa Pilipinas, at ang kaní-kanilang mga kagawad, ay magsisirating at magsisitulóy sa tanggapan ng Patnubay sa pamamagitan ng pasukan sa dakong harap.

*9:20 n. u.*—Ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, kasama ng Pangulo ng Lupon sa Kaarawan, ay aalís sa Malakanyang sa ganap na ika-9:15 n. u. upang dumaló sa mga parangal na pangungunahan ng mga taliba at darating sa tanggapan ng Patnubay ng ika-9.20 n. u. na magdaraan sa pasukan sa dakong harap.

*9:25 n. u.*—Ang Kanyang Kama[illegible] Mayganap [illegible] Kanyáng Kamahalan ,ang Kataas-taasang Punò ng Hukbong Imperval ng Hapon sa Pilipinas, ang Kanyang Kamahalan, ang Kataas-taasang Punò ng Hukbongdagat ng Hapon sa Pilipinas, at ang kaní-kanilang mga kagawad, ay magsisiluklók sa kanilang mga upuan sa tribuna. (Kapagkarakang maihudyat ang kanilang pagdatíng ay dapat tumayo ang lahat.)

*9:30 n. u.*—Martsa Laurel—Ng Banda ng Kostabularya.

Pagpasok ng Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ng Patnubay ng Kapulungang Pambansa, ng Punong Hukóm ng Mataas na Hukuman, ng Pangulo ng Lupon sa Kaarawan, ng mga Kagawad ng Gabinete, ng Pangulo ng Sangguniang Bansa, at ng Gobernador Militar ng Maynila.

*9:35 n. u.*—Panalangín ng Kapitapitagang Cesar Ma. Guerrero, Katulong na Obispo sa Maynila.

*9:40 n. u.*—Pagpupugay sa Watawat.

*9:41 n. u.*—Isang saglít na pagmumuni't tahimik na pananalanging alang-alang sa mga bayani't mga pinagpala sa kalayaan ng Pilipinas at sa ikapagtatagumpay ng Republika ng Pilipinas.

*9:42 n. u.*—Pagpapakilala sa Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ng Pangulo ng [illegible] Kaarawan, [illegible] Bansa [illegible] n. [illegible] ng Kanyang [illegible] Jose P. Laurel, Pangulo ng [illegible] ng Pilipinas.

*10:43 n. u.*—Pag-alís sa tribuna ng Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas. at ng iba pang mga Pinuno at Panauhín.

Ang mga panauhing nasa tribuna ay magsisitindíg at ang lahat ay mananatili sa pagkakatayo hanggang sa ang Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, at ang ibá pang mga Pinunò at Panauhín ay mangaalís.

*6:30 n. g.*—Palatuntunan sa Radyo sa pamamagitan ng himpilang PIAM. Ang Kgg. Claro M. Recto, Panlabas ay siyang bibigkas ng Kagawad Bansa sa mga Suliraníng ng pangunahíng talumpatí.

**PAGTATAPAT**

## Ang Kamay na Bakal ng Pamahalaan

Hindî íilan ang namanhík sa [illegible] sa paglabás ng unang bi[illegible] na itó ay mangyaring ipaalaala lamang, na, marahil anila ay magugunita pa ng lahat na sa [illegible]lumpating binigkas [illegible] Kanyang Kadakilaang Jose P. Laurel Pangulo ng Republika ng Pilipinas, [illegible]a ha[illegible]p ng [illegible] lider at pangulo ng mga Samahan ng Magkakapitbahay [illegible] pagtitipong ginanáp sa Sitihol ay táhasang ipinahayag ng nasabing Pangulo na dî nakakaila sa kanya na ang Pamahalaan ay punô ng mga alagad ng batas na gumagawa ng mga kasagwaan at kabulastugang nagiging dahil ng kabigatan ng kabuhayan ngayon. Tahasan din namang sinabi ng Pangulo na siya'y nahahandang gumawa ng lubusang pag[illegible] sa gayóng urì ng mga alagad ng batas, humingî lamang siya ng panahon upang ang kanyang binabalak ukol dito ay maisagawa. Ayon sa mga nagpaalaala sa amin, magbuhat nang magtalumpati ang Pangulo hanggá ngayon, ang lakad ng mga bagay-bagay ay hindî nagbabago. Namamayani pa rin ang gayong masasamang kagagawan.

Inaakala ng nabanggít na mga nagpapaalala na alinsunod sa kanilang palagay ay dumatíng na ang panahon upang ang Pamah[illegible] laban sa gayóng mga alagad ng batas. Itó, sa pamamagitan namin, ang magalang na hiníhingî nila sa marilag na Pangulo kung ibig din lamang nitong mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan. Para sa kanila, ang marami sa mga alagad ng batas ngayon, sa halíp na magíng mga tagapagbantay upang maipatalima ang mga ipinag-uutos ay siya pa ngang nagiging mga "bantay-salakay." Tila ang kanilang sinasagisag sa pagtupad ng tungkulin ay "mabuhay lamang sila, mamatay na't mahirapan ang iba". Dî man lamang nagugunita ang tagubilin ng Pangulo Laurel sa isa niyang talumpatì . . . "mabuhay upang magbigay-buhay."

Gaya ng aming sabi sa ibang panig ng bilang na ito ay maglilingkod kamí bilang tagapamagitan ng Pamahalaan at ng mga mamamayan. Ang daíng na ito ng mga mamamayan ay ipinaabot namin ng buong galang sa Kanyang Kadakilaan. At aming inuulit na ang hingî nila ay gamitin na ng Pamahalaaan ang kanyang kamay na bakal laban sa mga alagad ng batas na nagiging mga "bantay-salakay". Ang kalagayan ngayon ay nasa sukdulan na. Anumang bisa ng lunas na ilalapat kung daratíng ng hulì sa panahon ay wala nang kabuluhan. Manapa ay lunas na maaarì pang makamatay.

## SA BAYANG PILIPINO

***Kalatas ng Kanyang Kadakilaang Jose P. Laurel, Pangulo ng Republika ng Pilipinas***

Ang maluwalhating pagsapit ng unang kaarawan ng Republika ng Pilipinas ay dapat ikagalak ng lahat ng pilipinong lubos na nagmamahal sa kanilang tinubuang lupa. Walang dahilan ang kahit na sino upang walíng bahala ang ganitong pangyayari. Dapat alagataín na ang ating mga ninuno'y nagtiís ng di-maulatang hirap alang-alang sa katubusan ng bayan at ang pangyayaring ang pamahalaang nakatatag ngayo'y sa isang Republikang malaya at nagsasarilí ay ganap na nagpapakilala na ang mga hirap na tiniís, sa paanu't paano man, ay nagkaroon ng katumbas na bunga.

Sa ilang pagkakataon ay akin nang naipahiwatig na ang katunayan at kawagasan ng kasarinlang tinamo natin ay pinag-aalinlanganan hangga ngayon ng ilang mga kababayan. Ibig kong ulitin sa pagkakataong ito ang aking payo, na, kung sakali mang may dahilang pinagbabatayan ang mga pag-aalinlangang yaon, ang tungkulin ng lahat at bawa't isang may dalisay na pag-ibig sa tinubuan, ay tumulong at magsumikap upang ang pinag-aalinlanganang kasarinlan ay magíng tunay at wagas. Tayo'y nasa isang panahon ng tahasang pagpapasiya. Ito'y hindî mga araw ng pag-uunuran. Ang kailangan nga ay magkaisa tayo at magtulung-tulong.

Bilang paggunita sa unang kaarawan ng Republika ay nais kong paratingín sa aking mga kababayan ang ganitong tagubilin: Magkaisa-isa tayo sa pagbalikat ng mga gawaing tungo sa ikalíligtas ng ating Bayan at ng ating Lahì. Sa alín mang kilos at gawa ay wala tayong dapat sagisagin kundî ang ating pagka-pilipino. Iwaksí ang simbuyo ng mga kalooban at sa bawa't sandalí'y walang dapat pairalin kundì ang marubdob na pag-ibig sa Tinubuang-lupa.

Manatili nawang nakawagayway sa habang panahón ang maluwalhating watawat ng ating minumutyang Repúblika!

### PANANALIG AT PANINIWALA

Kamí'y nananalig sa kapangyarihang hawak ng Pangulong Laurel na nagtataguyod sa nakatatag na Republika pagka't kamí'y naníniwala na siya'y walang pinagsusumakitan kundî ang katubusan at kaligayahan ng kanilang Bayan at ng kanilang Lahì.

Kamí'y nananalig sa kawagasan ng Republika pagka't kamí'y naníniwala na íto'y nakasalalay sa isang Saligang-Batas na yarì at piga sa mga pangarap at mithiin ng mga bayaning nangabulíd sa kadiliman ng gabí.

Kamí'y nananalig sa tagumpay ng Pamahalaan pagka't kamí'y naníniwala na ang kanyang mga tao'y walang sinísikap kundî ang kaligtasan at katiwasayan ng mga mamamayan.

Kamí'y nananalig sa katiningang-loob ng mga mamamayán pagka't kamí'y naníniwala na ang katutubong-baít ay siya nilang pinaiiral sa ibabaw ng mga paghihirap na tinatawíd.

Kamí'y nananalig sa kaligtasan ng taumbayan pagka't kamí'y naníniwala na ang hinahon ay siyang pinapananaíg kay sa simbuyo ng mga kalooban sa harap ng kasalukuyang mga pangyayari.

Kamí'y nananalig sa katapatan ng bawa't isa pagka't kamí'y naníniwala na lahat ng nakababatíd na sa kasalukuyang bigat ng panahon ay walang dapat gawín kundî ang isang matalinong pakikibagay.

Kamí'y nananalig at naníniwala na ang mga layunín ng Republika ay ipagwawagí sa hinaharap na panahon pagka't ang mga layuníng ito'y hubog sa malinis at dalîsay na pangarap ng mga bayaning di-nanghinayang sa buhay alang-alang sa tinubuan.

Kamí' nananalig at naníniwala na ang Bayan at ang Lahì ay makalíligtas pagka't ang taong bumabalikat ngayon ng mga gawain sa Pamahalaan ay nakapako ang pananaw sa isang maligayang hinaharap.

Kamí'y nananalig at naníniwala, na pagkatapos ng mga hirap na tinítiís, ay sasapit din ang madla sa pinapangarap na lupang-pangako palibhasa'y walang di namumuhunan ngayon ng lahat ng urì ng pagpapakasakit.

(*Na sa pagina 4 ang karugtong*)